Original copy w/ Bureau of Customs!

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYANG TUNAY NA SIPI MULA SA ORIHINAL.....
PAMBAYANG KALIHIM 10/13 /PETSA

KAPASIYAHAN BILANG 92- 15

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE SA DONASYON NI G. SHIZUKA YAMAMOTO NG TOKYO, JAPAN NG MGA SUMUSUNOD NA SASAKYAN: ISANG (1) ISUZU FIRE TRUCK, DALAWANG (2) ISUZU GARBAGE TRUCK, SAMPUNG (10) MOTORCYCLE AT DALAWANG (2) PASSENGER BUS.**

*****************************************************************

Ipinanukala ni: **KGG. ROGER C. SMITH**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagtanggap ng donasyon ng pamahalaang bayan ay naaayon at alinsunod sa itinakda ng Book I, Chapter I, Section 23 ng RA 7160, ang Local Government Code of 1991;

**SAPAGKAT,** ang donasyong sasakyan ay malaking tulong sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa para sa pagbibigay ng higit na mabilis at mabuting serbisyo sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang kalagayan ng pananalapi ng Pamahalaang Bayan ay hindi ito makabibili ng mga binabanggit na sasakyan na lubhang kailangang-kailangan ng iba't-ibang tanggapan sa Pamahalaang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang gawing mapagbigay ng bansang Hapon ay lubos na pinasasalamatan at malugod na tinatanggap na may pagtanaw ng malaking utang na loob ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang mga nangangailangang bansa tulad ng Pilipinas ay lubos na kailangan ang tulong ng mga maunlad at progresibong bansa tulad ng Hapon.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na malugod na tanggapin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Punongbayan Ignacio R. Bunye sa donasyon ni G. Shizuka Yamamoto ng Tokyo, Japan ng mga sumusunod na sasakyan: Isang (1) Isuzu Fire Truck, Dalawang (2) Isuzu Garbage Truck, Sampung (10) Motorcycle at Dalawang (2) Passenger Bus.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang ika-labindalawang regular na pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Setyembre, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

SINANG-AYUNAN

KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. RUFINO B. JOAQUIN

KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. VICENTE Y. CHUA

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punongbayan
Pangulong Opisyal

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

PINAGTIBAY: Setyembre 28, 1992